Mag-ingat sa modus operandi na namimilit para palitan ang kontrata para sa kuryente!

Pero pagdating ng susunod na buwan...

May mga taong biglang dumadalaw sa bahay at nanghihikayat gamit ang mga paliwanag tulad ng "Papalitan ang kontrata sa buong apartment complex," "Ni-refer kami ng management company," "Magiging mura ang bayad sa kuryente," at iba pang kasinungalingan!

Inedit at inilathala ng:
NCAC 国民生活センター
NATIONAL CONSUMER AFFAIRS CENTER OF JAPAN

Mag-ingat din sa ganito



1 Kahit sabihang "Patingin ng meter reading slip," huwag na huwag itong ipakita.

Nakasulat sa meter reading slip ang impormasyon ng kostumer, ang numerong kailangan para palitan ang kontrata ng kuryente, at iba pa. Dahil mahalaga ang mga impormasyong ito, huwag basta-bastang ipakita ang meter reading slip.

2 Kahit hikayatin kayo na "Lahat nakipagkontrata sa amin," huwag agad-agad makipagkontrata, kundi kumpirmahin sa management company at iba pa.

May mga kaso rin ng problema ng mga taong dinalaw agad noong kakalipat pa lang nila. Sa ganitong panahon, dahil abala sa mga proseso at iba pa, malamang na hindi makapagdesisyon nang mahinahon tulad ng karaniwan.

3 Bukod sa kuryente, nagkaroon din ng mga problema kung saan dinalaw para hilingang makipagkontrata para sa gas, water heater, storage battery atbp.

May mga kasong malaki ang halaga para sa mga ganito, at maaari pang hikayatin sa kontratang may masalimuot ang paraan ng pagbabayad. Kumpirmahin nang maigi ang kontrata.

Upang hindi makasagupa ng problema

- Kapag may bagay na hindi maunawaan, kumpirmahin ito sa pamamagitan ng pagtatanong sa kumpanya kahit ilang beses.
- Kapag hindi naintindihan ang paliwanag, huwag agad-agad makipagkontrata.
- Kapag may pag-aalala, kumonsulta sa mga taong malapit sa inyo.

Inedit at inilathala ng Public Relations Department, National Consumer Affairs Center of Japan (Corporate Number: 4021005002918) 3-13-22 Takanawa, Minato-ku, Tokyo 108-8602, Japan
Dinisenyo at isinalin ng Interbooks Co., Ltd.
Inilathala: Pebrero 2025